

SI KENNETH L. JENKINS, MINISTRO AT NAKATATANDA SA SIMBAHANG PENTEKOSTAL, ESTADOS UNIDOS (BAHAGI 2 NG 3)

Marka:

Paglalarawan?: Ang minsang nawala sa landas na batang lalaki ay natagpuan ang kanyang pagkaligtas mula sa Simbahanag Pentekostal at sinagot ang kanyang tawag na maging ministro sa edad na 20, hindi naglaon ay naging isang Muslim. Bahagi 2: "Hindi lahat ng nagniningning ay ginto."

Kategorya:

[Mga Artikulo](#) [Mga kuwento ng mga Bagong Muslim](#) [Mga Pare at mga Relihiyosong Personalidad.](#)

Ni: Kenneth L. Jenkins

Nailathala noong: 24 Aug 2020

Huling binago noong: 02 Feb 2006

Magmumuni-muni ako habang nag-iisa at nananalangin sa Diyos na akayin ako sa tamang relihiyon at patawarin ako kung mali ang aking ginagawa. Hindi ako nagkaroon ng anumang pakikipag-ugnayan sa mga Muslim. Ang tanging mga tao na alam ko na inaangkin ang Islam bilang kanilang relihiyon ay ang mga tagasunod ni Elijah Muhammad, na tinukoy ng marami bilang "Mga Itim na Muslim" o "Nawala at Natagpuan na Nasyon." Ito ay sa panahon ng huling bahagi ng 70's na si Ministro Louis Farrakhan ay maayos na muling itinayo ang tinatawag na "The Nation Of Islam." Nagpunta ako upang pakinggan si Ministro Farrakhan na nagsalita dahil sa paanyaya ng isang katrabaho at natagpuan ko ito na isang karanasan na magbabago nang husto sa aking buhay. Hindi ko pa naririnig sa aking buhay ang ibang itim na tao na nagsalita sa paraan ng kanyang pananalita. Ninais kong magkaroon agad ng isang pagpupulong kasama siya upang subukang palitan ang kaniya sa aking relihiyon. Nasisiyahan ako sa pag-e-ebanghelyo, umaasa na makahanap ng mga nawawalang kaluluwa upang mailigtas mula sa Impiyerno - kahit na sino pa sila.

Nang makapagtapos ng kolehiyo nagsimula akong magtrabaho nang buong oras ang batayan. Habang nararating ko ang pinakatuktok ng aking ministeryo, ang mga tagasunod ni Elijah Muhammad ay naging mas kapansin-pansin, at hinangaan ko ang kanilang mga pagsisikap sa pagtatangka na mapuksa sa itim na komunidad ang mga kasamaan na sumisira dito. Nagsimula akong suportahan sila, sa pamamagitan ng pagbili ng kanilang panitikan at pati na rin sa nakikipagpulong sa kanila para sa diyalogo. Dumalo ako sa kanilang mga lupon sa pag-aaral upang malaman kung ano mismo ang kanilang pinaniniwalaan. Taos-puso man ang alam kong karamihan sa kanila, hindi ko matanggap ang ideya na ang Diyos ay isang itim na nilalang. Hindi ako sang-ayon sa kanilang paggamit ng Bibliya upang suportahan ang kanilang posisyon sa ilang mga isyu. Ito ay isang libro na kilala kong mabuti, at labis na nababalisa sa aking itinuturing na kanilang maling kahulugan ng mga ito. Dumalo ako sa suportado ng lokal na mga paaralan ng Bibliya at medyo sapat ang aking kaalaman sa iba't ibang larangan ng pag-aaral sa Bibliya.

Pagkaraan ng halos anim na taon, lumipat ako sa Texas at naging kaakibat ko ang dalawang simbahan. Ang unang simbahan ay pinamunuan ng isang batang pastor na walang karanasan at hindi masyadong maalam. Ang aking kaalaman sa mga banal na kasulatan ng kristiyano sa mga oras na ito ay naging isang bagay na hindi normal. Nahuhumaling ako sa mga turo sa Bibliya. Sinimulan kong tumingin nang mas malalim sa mga banal na kasulatan at natanto na mas maalam ako kaysa sa kasalukuyang lider. Bilang pagpapakita ng paggalang, umalis ako at sumali sa ibang simbahan sa ibang lungsod kung saan nadama kong mas marami akong matututunan. Ang pastor ng partikular na simbahan ay napakagaling na parang isang iskolar. Siya ay isang mahusay na guro ngunit may ilang mga ideya na hindi pamantayan sa samahan ng aming simbahan. Pinanghahawakan niya ang medyo liberal na pananaw, ngunit nasisiyahan pa rin ako sa kanyang pagtuturo ng doktrina. Hindi lumaon ay natutunan ko ang pinakamahalagang aral ng aking buhay Kristiyano, na "hindi lahat ng mga nagniningning ay ginto." Sa kabila ng panlabas na hitsura nito, may mga kasamaan na nagaganap na hindi ko inisip na posible sa Simbahan. Ang mga kasamaan na ito ay naging dahilan upang mapagnilay-nilayan ko, at sinimulan kong tanungin ang turo na kung saan ako ay lubos na nakatuon.

Maligayang Pagdating sa Totoong Mundo ng Simbahan

Di-nagtagal ay natuklasan ko na mayroong isang malaking pagseselosan na laman sa pamunuan ng simbahan. Ang mga bagay ay nagbago mula sa aking kasanayan. Ang mga kababaihan ay nagsusuot ng damit na sa palagay ko ay nakakahiya. Ang mga tao ay nakabihis upang umakit ng pansin, karaniwan mula sa kabilang kasarian. Natuklasan ko kung gaano kalaking parte ang ginagampanan ng pera at pagkagahaman sa operasyon ng mga aktibidad ng simbahan. Maraming mga maliliit na simbahan ang nagpupumilit, at tumatawag sa amin na magdaos ng mga pulong upang makatulong na makalikom ng pera para sa kanila. Sinabihan ako na kung ang isang simbahan ay walang tiyak na bilang ng mga miyembro, hindi ko dapat sayangin ang aking oras sa pangangaral doon dahil hindi ako makakatanggap ng maraming salapi bilang kabayaran. Ipinaliwanag ko noon na hindi pera ang habol ko at mangangaral ako kahit na mayroong isang miyembro lang... at gagawin ko ito ng libre! Nagdulot ito ng kaguluhan. Sinimulan kong tanungin ang mga naisip kong may karunungan, upang malaman lamang na lahat ng iyon ay isang palabas lamang. Nalaman ko na ang pera, kapangyarihan at posisyon ay mas mahalaga kaysa sa pagtuturo ng katotohanan tungkol sa Bibliya. Bilang isang mag-aaral sa Bibliya, alam kong lubos na mayroong mga pagkakamali, mga pagkakasalungatan at mga katha. Naisip ko na ang mga tao ay dapat na mailantad sa katotohanan tungkol sa Bibliya. Ang ideya ng paglalantad sa mga tao sa mga nasabing aspeto ng Bibliya ay isang kaisipang kaugnay kay Satanas. Ngunit sinimulan kong itanong sa publiko ang aking mga katanungan sa mga klase sa Bibliya, na wala sa kanila ang makasagot. Wala ni isa sa kanila ang maaaring makapagpaliwanag kung paanong si Hesus ay naging diyos, at kung paano, sa parehong oras, siya ay parang Ama, Anak at Espiritu Santo na nakabalot sa isa ngunit gayon pa man ay hindi bahagi ng Trinidad. Maraming mga mangangaral sa wakas ay umamin na hindi nila ito naiintindihan ngunit kinakailangan lamang nating paniwalaan ito.

Ang mga kaso ng pangangalunya at pakikiapid ay hindi naparusahan. Ang ilang mga mangangaral ay nasangkot sa droga at sinira ang kanilang buhay at ang buhay ng kanilang mga pamilya. Ang mga namumuno sa ilang mga simbahan ay natagpuan na

mga nagkagusto sa parehong kasarian. May mga pastor din na nagkasala na nakikipagtalik sa mga batang anak na babae ng ibang mga miyembro ng simbahan. Ang lahat ng ito kasama ang isang pagkabigo upang makatanggap ng mga sagot sa naisip kong mga wastong katanungan ay sapat na upang ako ay maghanap ng pagbabago. Dumating ang pagbabagong iyon nang tanggapin ko ang isang trabaho sa Kaharian ng Saudi Arabia.

Ang web address ng artikulong ito:

<https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/72/si-kenneth-l-jenkins-ministro-at-nakatatanda-sa-simbahang-pentekostal-estados-unidos-bahagi-2-ng-3>

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.